# Paggagamot sa Tulong ng Medikasyon

## (Medication Assisted Treatment)

## Adiksiyon:

Ang isang mahirap tanggaling **sakit sa utak** na nailalarawan ng paghahanap at paggamit ng gamot nang paulit-ulit, o mahirap kontrolin, sa kabila ng mga mapanganib na konsekuwensiya.

### Ano ang Medication Assisted Treatment (MAT)?

Ang paggamit ng ilang medikasyon na mayroong kasamang counseling o pagpapayo at iba pang mga behavioral therapy o terapiya sa pag-uugali upang gamutin ang mga karamdaman sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot at maiwasan ang labis na dosis ng opioid.

## Pagtugon sa mga Maling Pakahulugan

Isang **karaniwang maling pakahulugan** ng MAT ay ang paniniwalang pinapalitan lamang nito ang isang uri ng adiksiyon ng iba.

**KATOTOHANAN.** Kung inireseta nang tama, maaaring mabawasan ng mga medikasyon sa adiksiyon ang pananabik sa droga at pinipigilan ang pinipigilan ang pagbabalik sa dati nang hindi nagdudulot ng "pagka-high".

### Mayroong 3 magkakaibang medikasyon upang gamutin ang Karamdaman sa Paggamit ng Opioid:

**Methadone, Buprenorphine at Naltrexone**

### Ang pinakamataas na layunin ng MAT ay lubos na paggaling, kabilang ang kakayahang mamuhay ng isang buhay na nakatuon sa sarili.

**Mga benepisyo ng pamamaraang ito ng paggamot**

- Mas pinahusay na kaligtasan ng buhay ng pasyente
- Mas mataas na retensiyon sa paggamot
- Pinapababa ang ilegal na paggamit ng opioid at iba pang kriminal na aktibidad ng mga taong mayroong karamdaman sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot
- Pinapataas ang abilidad ng pasyente na makakuha at mapanatili ang trabaho
- Pinapahusay ang mga resulta ng panganganak ng mga babaeng mayroong karamdaman sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot at mga buntis

**HAKA:** Maaari lamang gamitin ang MAT sa loob ng maikling panahon.

**KATOTOHANAN:** Wala namang natatanging durasyon na gumagana para sa lahat. Maaaring uminom ang ilang tao ng mga medikasyong ginagamit ng MAT sa loob ng ilang buwan, taon, maraming taon, o maging habang-buhay.

### MGA HAKA AT KATOTOHANAN

**HAKA:** Ang mga medikasyon sa adiksiyon ay "saklay" na pumipigil sa "totoong paggaling."

**KATOTOHANAN:** Maaaring maabot ng mga indibidwal na napanatili ang katatagan sa MAT ang "tunay na paggaling," ayon sa mga nangungunang propesyonal at mananaliksik sa adiksiyon.

Ginawa ng Sentro ng Pananaliksik sa Komunidad (Center for Community Research)

## Stigma

Isang hanay ng mga negatibong paniniwala na hawak ng isang grupo o lipunan tungkol sa isang paksa o pangkat ng mga tao.

**Ang stigma ay mayroong potensyal na makaapekto nang negatibo sa tiwala sa sarili ng isang tao, sirain ang relasyon sa mga mahal sa buhay, at pigilan ang mga taong nagdurusa sa adiksiyon mula sa pagkuha ng paggamot.**

**Kapag nakakaranas ng stigma ang tao mababa ang tingin ng mga tao sa kanya dahil sa estado ng kanyang kalusugan.**

Maaaring magdulot ng negatibong epekto ang stigma sa ilang bagay, kabilang ang:

- Kagustuhang dumalo sa paggamot.
- Kagustuhang kumuha ng pangangalagang pangkalusugan.
- Pagbawas ng pinsala.
- Pagpapahalaga sa sarili at kalusugan sa kaisipan.

# Stigma at Wika

**Mahalaga ang mga salita. Ang paggamit ng wikang nakatuon sa tao ay mahalaga sa pagbawas ng stigma.**

| Iwasan ang mga salitang ito | Gamitin ito sa halip |
|---|---|
| Addict/Adik | Taong may karamdaman sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot |
| Problema sa Droga/Bisyo sa Droga | Hindi wastong paggamit ng droga |
| Abuso sa Droga | Mapanganib na paggamit |
| Malinis | Abstinent, hindi aktibong gumagamit |
| Madumi | Aktibong gumagamit |
| Dating adik | Taong nagpapagaling |
| Kapalit ng Opioid | Mga medikasyon para sa adiksiyon |

COUNTY OF SAN DIEGO Health and Human Services Agency
LIVE WELL SAN DIEGO
SAN DIEGO COUNTY SUBSTANCE USE AND OVERDOSE PREVENTION TASKFORCE